

Chapter One



“At ikaw, Eglantine!” Mula sa hanay ng mga Abinubuliyaso, nagulat siya. Kakaiba ang talas ng mga mata ng boss niya. “Nasaan ang mga composition mo? Ang mga scores, kailangan kong makita.” Galit ang mga mata nito, iyong galit na malamig.

At kinutuban si Eglantine. Kilala niya si Dante, alam niya kung may nagbabadyang panganib. Hindi kaagad siya nakasagot. “Ano ito, nananadya ba?”

Nakatatanggap naman talaga ang lahat ng staff at katrabaho ng paminsan-minsang panggigisa mula sa producer, pero hindi pa niya naranasan ang malamig na galit nito. Ngayon ang pinakaunang pagkakataon na lahat na yatang klase ng galit ay namumuo sa mga mata nito, kahit gaano man ito nagpipigil.

Mabuti nang siya na lang ang sumalo ng lahat, lalo’t hindi naman siya gaanong nakikisalamuha sa mga kasama sa araw-araw. Nakikita lang siya ng mga ito kapag rehearsals na’t pinapayuhan niya sa tono ng kanta. Sa ibang mga araw, parati siyang nag-iisa, nag-iisip ng tamang tunog ng awitin.

Hindi kaya’t nahahalata ng mga itong paborito

siya ng boss? Tulad ngayon, tahimik at unti-unting nagsipag-alisan sa opisina ng producer ang mga taga-teatro. Baka kasi ang mga ito pa ang mapagbuntunan ng boss ng init ng ulo at ipahiya sa kapwa taga-teatro. Mahirap na. Dapat lang na siya na rin ang sumalo sa init ng ulo ni Dante, ganoon?

“M-mga komposisyon ko? N-naibigay ko sa inyo kahapon ang mga naaprubahang bahagi ng mga kanta, ah? Pero kalahati pa lang. M-may hindi ba kayo nagustuhan? Puwede ko pa namang baguhin iyon, hindi ba?”

“Puwede pa namang baguhin?” nanunuya ang tinig ni Dante. “I gave you reasonable time to compose all of it. Where were you, Eglantine?”

Ba’t ganito ’to? Naibulong niya sa sarili. Nakailang pr oductions na sila, pero ngayon lang niya nakitang sobrang stressed ang lalaki. Ano ba’ng problema? Ba’t ganito ang pakikitungo ni Dante sa kanya? Nangilid ang luha sa mga mata niya.

Hindi niya alam kung paano tatakasan ang matatalim nitong titig; kung tatakbo ba siya o ibabaon ang sarili sa lupa. Para siyang hinihiwa ng mga mata ng lalaki. May mukha pa ba siyang ihaharap sa mga kasama niya sa teatro?

“The problem with you is, masyado kang naging kampante, porke’t marami kang nasagap na magagandang feedback sa mga ginawa mo.

You rested on your so-called laurels and didn't care about this new project. Well, now, we have a disaster in the making," anito na nanlilisik ang mga mata. "Because of you!"

Sigurado na si Eglantine sa kutob niya kung ano ang dahilan ng poot ni Dante. Nga lang, hindi niya matanggap na siya ang pinagbabalingan nito ng galit.

Nahalata na ba nito na may gusto siya dito? At nang ma-engage ito kamakailan sa fiancée nito ay hindi na siya nakapagsulat ng kanta?

At parang sagot sa tanong niya ang tanong ng lalaki.

"Hindi ka na nagsusulat, hindi ba? Matagal na!" Hayun, at sinabi rin nito. "Since when, Eglantine?"

"Huh? Nagsusulat pa rin ako, Sir. Medyo challenging nga lang itong production na ito. P-pero naisumite ko na naman ang kalahati ng composition, ah."

"Nang isang buwan, kahit nagdududa ako, pinalagpas ko lang. Pero nagmasid ako. And you seem to be not doing anything!"

Napalunok si Eglantine. Napapansin din naman pala siya ni Dante; sa negatibong paraan nga lamang.

"At alam ko kung paano ka pumatay ng oras," patuloy nito. "Bar-hopping until three in the morning? And don't you dare deny that. Ako mismo

ang nakakita sa iyo.”

Napalunok ang dalaga.

“Where’s the rest of the musical pieces, Eglantine?” Madiin ang binitiwang mga salita nito. “Tell me, why are you here? What are you getting paid for?”

Nanuyo ang mga labi niya at tumingin na lang sa sahig. Mabuti at nagsialisan na ang staff na kasama sa umagang-kay-gandang bulilyaso. Pasalamat pa nga sila at nasalo niya ang lahat ng nagbabagang putik at batong gustong ilabas ng bulkang Mayon sa katauhan ng boss.

Bahagya siyang umangat ng paningin at tumambad sa kanya ang mala-tigreng titig ni Dante Cantares. Sisilain na ba siya nito?

“Do you know how much you are paid so that you can focus on your job? Para huwag ka nang maglaba, magluto, maglinis, at gumawa ng hindi importanteng bagay, at nang matapos mo ang mga komposisyon?” Nakakrus ang mga braso ng lalaki at nanlilisik ang mga matang pinakatitigan siya. “Do you know what it means to deserve that much pay? O baka naman nabubulagan ka na—”

“Dante, Sir, please. It’s not about the money.” Lumunok siya para pigiling tumulo ang nangingilid na luha. “It’s all about creativity. And I love my job, Sir. I really do.”

“I don’t buy tears, Eglantine,” anito. “Rule out

those tears. Makipag-usap ka sa akin nang maayos. Talk to me.”

Bubukas na sana ang bibig ni Eglantine pero inunahan na naman siya nito.

“About why I saw you in and out of bars lately.”

Ngayong binanggit ni Dante ang bar-hopping niya, tumiim ang kanyang bagang imbis na tumulo ang luha. Nabawasan ang takot niya sa lalaki. Tumapang siya. It seems that he’s awed by her bad-girl persona behind the goody-two-shoes composer image. Ha!

“Alam mo ba ang tema ng bagong production? A professional geeky woman who believes she’ll finally find her true love in a bar. Ano’ng gusto mo, tumambay ako sa monasteryo para magkaroon ng inspirasyon sa trabaho?” May halong panunuya iyon.

“Stop it, Eglantine,” mariing sabad nito. “Hindi mo kailangang magnakaw para lamang makagawa ng character na magnanakaw. Wasn’t that what you’re taught in college? O baka naman natulog ka sa literature class mo?”

“Still, I need to experience what it’s like to go out in bars,” pagmamatigas niya.

“Hindi dahilan ang sunod-sunod mong paglabas. And, can you explain throwing up in the middle of the street at three in the morning?”

Pinamulahan siya.

“I have evidence. Gusto mo bang makita ang litrato mo na nasa aktong nagsusuka?”

“Wala ka na d’un. Personal na buhay ko ’yun. Eh, kayo, tanungin n’yo ang sarili n’yo kung ba’t kayo nasa kalye dis-oras ng gabi?” Ano nga kaya ang ginagawa ni Dante sa labas? Dis-oras ng gabi’y gumagala sa kalsada, eh, ilang linggo na lang at ikakasal na ito. May lover’s quarrel na kaagad? Weh. Kagandang nobya, iniwan mag-isa sa kama. Napangiti siya sa dumi ng isip niya. She could be a very bad girl if she wanted to.

“Huwag kang manumbat, Eglantine.”

Tumaas ang kilay ni Eglantine nang marinig ito, lalo’t pinamulahan ng mukha ang lalaki at tumiim ang bagang.

“Nagtatanong lang, eh,” aniya sa mababang tinig. Sana ay nababalot siya ng matigas na baluti, iyong katulad nang sa pagong, kahit pa magmukha siyang *Teenage Mutant Ninja Turtle*. Dahil napaka-sensitive yata ng balat niya sa mga titig ng lalaking ito.

“While I’m not looking for a nun, I’m not looking for a composer with drinking problems, either,” sabi ng lalaki. “So, are you a boozier now? Lasengga ka na?”

“Don’t put labels on me, especially if it’s what I’m not.”

“See? That’s one of the symptoms,” anito sabay

kamot sa baba. “Iyan ang unang palatandaan ng lasenggo—hindi makaamin na nalulunod na siya sa alak.”

“And what are the other symptoms?”

Nakapamaywang na si Eglantine at sarkastiko ang tinig.

“Hindi ko na kailangang banggitin. Lalabas at lalabas din ang mga ’yan.”

“Katulad ng nangyari sa iyong ama,” aniya sa tinig na mahina lamang. Iyon nga lang, narinig din pala ito ng lalaki at pinako siya nito ng matalim na tingin.

Napalunok si Eglantine.

“Your dad successfully recovered, right?”

bawi niya nang mataman sa mabangis na titig ni Dante. Mas masakit iyon kaysa sa simpleng bulyaw lamang.

“Narinig ko kasing dahil sa disiplina niya sa sarili habang nasa rehab ay mabilis niyang nagapi ang pagiging alcoholic. Kaya’t alam kong marunong kang umunawa kung may empleyado kang nasa parehong sitwasyon. Naranasan mo na kasi ito, sa isang mahal sa buhay. Di ba, Sir Dante—”

Di niya namalayan ang paglapit sa kanya ng lalaki na matigas na hinawakan ang kanyang baba. Hinagkan siya nito at akala niya’y pumutok ang mga labi niya dahil sa tigas niyon.

Nang bitawan siya, pinagmukha niyang hindi

siya apektado sa ginawa ni Dante, na balewala lang sa kanya ang kapangahasan nito. At natuwa siya nang tumikhim ang lalaki, hindi alam kung saan ilulugar ang kamay, at inabutan ng hiya. Good.

Nadagdagan pa ang kanyang kumpiyansa. Heck, she could even blackmail Dante! Puwede niyang isuplong sa Department of Labor ang ginawa nito.

Hindi siya kumurap. Sinalubong niya ang mga mata nito at nanatili silang ganoon. This. Is. Powerplay. And she just might win and gain back her job. Gusto pa mandin niyang ituloy ang paghulog sa binibili niyang condominium sa *Heloise's Place*, katabi ng unit ng bestfriend niya. She needed the money.

“I know what you have in mind,” anang producer sa kalmadong tinig. “Go ahead, complain to the Department of Labor and tell them you were harassed.”

Umawang ang bibig ni Eglantine para magsalita. Last retort. Nga lang, naisip niya na puwede pala siyang baliktarin nito—kontra-kaso. Una, wala siyang testigo. Pangalawa, may mga attorney ang kumpanya ni Dante. Pangatlo, malakas din ito sa isang politiko na kaibigan at kasosyo sa negosyo nito at ng pamilya ng nobyang si Mia, si Congressman Alfie Maldova. Tulad ng nobya, pangunahing stockholder din si Alfie ng

kumpanya ni Dante.

Pinili niyang manahimik.

“Go ahead, Eglantine,” hamon nito sa kanya.

“Ano’ng nakain niyo’t nag-isip kayo ng ganyan?”

“Hindi ako ignorante sa labor laws, Eglantine. And you are not stupid.”

Pagkasabi niyon, tumalikod si Dante.

Pinakiramdaman niya ang kanyang mga labi, inilapat niya nang marahan doon ang kanyang daliri. Nahuli siya ng lalaki sa ganoong sitwasyon. Hindi ito umimik, kunwa’y hindi napuna ang ginawa niyang iyon.

“I’m expecting the rest of the compositions on Friday, is that understood?”

“No.”

Pasugod itong lumapit sa kanya. Hindi siya paaapi dito. He’s not even intimidating, no. “Nag-o-audition na kami ng cast ng production na ’to kaya kailangan naming marinig ang mga kanta. Damn it.”

“Dante, kailangan ko ng panahon para makapagsulat at para isatinig ang mga ito kasama ang buong team. What’s your hurry?”

Hindi umimik ang lalaki, imbis, may ibang inasikaso.

“Makaalis na nga. Palibhasa’y walang pakiramdam sa damdamin ng ibang tao. Ewan at

bakit naging producer at director ito. Buti pa'ng simpleng construction worker, may appreciation sa musika. Ito, bato," bulong ni Eglantine, umiral ang katarayan.

"Ano?"

"Wala, Sir."

"That's stupid. Alam mo bang mas ethical na magsalita o mangat'wiran kung naririnig ka ng kausap mo?"

"Akala mo kasi para sa iyo ang sinabi ko. Eh, para lang sa akin iyun, Sir."

"Oh yeah? I'm not stupid, Eglantine."

"Stupid kayo ng stupid. Maging creative naman kayo. Atsaka, words have power, di ba, Sir? Paano kung umepekto sa inyo ang kasasabi ninyo ng stupid?"

"Of which I'm in the process of becoming, especially when talking to you. Because you're one smart ass. Well then, if you're really smart, why don't you give me the rest of the compositions? Now."

Natahimik si Eglantine.

Anong palusot pa ang puwede niyang mahalbot sa ere? Anong pagdadahilan?

Ang lahat ng bagay ay may hangganan.

"Aamin na ako. Hindi nga muna ako nagcompose, Sir, but I told you I was gathering momentum—"

“Gardemit,” naisigaw na lang ni Dante ang galit.

Kaysa naman magamit ng binata ang kamao sa kaharap, salamat at may bintanang kristal sa kanan niya, doon niya ibinuhos ang namumuong poot.

Salamat at marunong siyang magtimpi. Noong isang linggo ay muntik na rin niyang masuntok ang isa sa mga taong gusto niyang mabura sa mundo—ang kaibigang congressman ng ama’t ina ng magiging misis niya. Si Alfie Malдова.

Corrupt, kabi-kabila ang asawa, at kung paano ito nahirang na congressman ay hindi niya alam. Ewan kung paano naging malakas ang karisma nito sa masa. Ganoon nga ang buhay: hindi parating patas ang laban. Si Dante, na nagpapakabuti ay sangkatutak ang problemang inaatupag. Mukhang *Godzilla* na nga ang hitsura niya sa mga empleyado niya.

“D-Dante, Sir, dumudugo ang kamay mo... p-pero relax ka lang, akin na’t bungkusin natin sa panyo ko.” Si Eglantine pa ang dumulog sa kanya.

Hindi niya maramdaman ang hapdi. Mas ramdam niya ang itinatago-tago niyang galit at pangamba nitong mga nakaraang linggo dahil sa kanyang mga natuklasan sa loob ng kanyang kumpanya. Gusto niyang umuwi sa townhouse nila sa New Manila, at doon ay magtalukbong ng kumot sa loob ng ilang araw at huwag lumabas.

It's really hard being an adult. Idagdag pang pinagdududahan na niya ang kanyang nobya. And trust is very important to him in relationships. Kailan-kailan lang ay para bang unti-unting natatalupan ang dignidad niya kapag kasama niya ito. Naroong nagsuhestiyon si Mia na magpatingin na raw siya sa isang psychiatrist dahil napapraning na daw siya sa kakadudang pinagtataksilan siya nito.

Mabuti nga rin at may kontrol pa si Dante kahit papaano. Kahit kakarampot na lang. Gusto na niyang sumabog, lalo sa mga oras na ito. Ewan at umiinit ang buo niyang katawan kapag kausap si Eglantine.

“I'm cursed. Karmado,” isip niya.

Kasi nga naman noong kabataan niya, mahilig din siyang magpalusot: mga pagsusuri noong high school at kolehiyo, pekeng driver's license para makapasok siya sa gentlemen's club kung saan may strip-tease show. Labing-anim na taong gulang siya noon, pagkatapos ng high school graduation. Marami din siyang palusot sa BIR, SSS, NBI, DOH, DAY, DEN, DIN, at DEB... magbanggit ka ng abbreviation at pangalang may tatlong titik; naloko na niya ang mga iyon. Lalo na ang mga kalahi ni Eba.

Bumait lang si Dante noong nagkasakit ang ama niya at kailangan na niyang magising sa

katotohanan ng buhay at mga bayarin.

Maituturing na isang sugal ang pagiging producer at isa siya sa mga masusuwerteng tumaya. Sa unang pagkakataon niyang sumabak sa stage production, para siyang nanalo ng jackpot. Milyones kaagad ang pumasok at biglang lumaki ang kanyang kaban. Nabayaran ang mga utang ng kanyang ama, napaayos niya ang bahay ng pamilya niya, bumili siya ng townhouse sa isang eksklusibong subdibisyon. He repeated his formula the second time and he won again. And again...and again...

At alam niyang mananalo siyang muli sa mga susunod pang produksiyon, kahit ano pa man ang nakaharang sa daraanan.

Hahawakan pa sana siya ni Eglantine sa braso para asikasuhin ang sugat, pero umigtad siya.

“It’s okay,” aniya. “And by the way, you’re fired.”



Chapter Two



“Lagyan mo ng pressure ’yung kamao mo para Ltumigil ang padugo,” patuloy ni Eglantine.

Kunot-noo niyang pinagmasdan ang babaeng ikinulong ang dalawa niyang kamay at diniinan iyon.

“Aw,” napa-aray siya.

“Sorry.” Pero patuloy na diniinan ng dalaga ang mga kamay ni Dante, alam niyang sinusubukan nitong ampatin ang pagdurugo niyon.

“Sabi ko, you’re fired.”

Naramdaman niyang huminto sa ginagawa ang babae. Narinig niya ang tahimik nitong paglunok. Nahawi siya ng buntong-hininga nito. At hinding-hindi siya padadala sa amoy-mansanas nitong hininga na rumehistro sa utak niya.

And that’s when he realized what he was not aware of for three years. Naapektuhan siya ng karisma ni Eglantine kaya’t nanatiling indisposible ito sa kumpanya niya. Mataas ang kalibre ng talento nito sa komposisyon. Kung aaminin niya, ang dalaga ang isa sa taga-akyat ng pinakamalaking salapi sa kanyang kumpanya. Maabilidad ito. Dedikado sa trabaho. Mabait. Mahaba ang pisi. He wanted her for all that. He realized he wanted to

own all of her. Pero huli na. Isang umaga, nagising na lang siya na engaged na sila ni Mia. Marami naman ang nagsasabing good match sila ni Mia, pabor naman sa kanya ang mga magulang nito, kaya wala namang problema.

“Is it... is it because you feel that I’m invading your personal space?” ani Eglantine na biglang binitawan ang kanyang mga kamay. “Is it... because I’m a threat to your personal life?”

Awtomatiko siyang umiling.

“Kung anuman iyon, i-ipag-ipagpaumanhin ninyo.”

“Sa lahat ng ayaw ko ay mga babaeng nasa bibig ang utak; mga babaeng naghahanap ng rason at pagkatapos ay iiyak o magiging hysterical kapag hindi nagustuhan ang narinig. Clearly, you don’t belong to this theater,” ani Dante.

Minabuti niyang huwag magpatangay sa yumuyupyop nitong balikat.

“P-pero paano ang kontratang pinirmahan ko?”

“Malapit na namang mag-expire iyon. And I have no plans of renewing it, so everything is fair.” Naramdaman niyang huminga nang malalim ang kaharap, halos may kasamang hikbi iyon.

“Kaya naman kita tinanggap bilang composer noon, ay dahil sa mga suhestiyon mong improvisation sa produksiyon ng *A Well-Mannered Chihuahua*, remember that?”

Tumango si Eglantine.

Noon, nang walang maisip na improvisation ang team sa tunog-boring na musical repertoire, sumaklolo itong di-kilalang waitress ng catering service na kinontrata nila. Eh, estudyante pala sa Conservatory of Music. Nga lang, di kayang pag-aralin ng magulang kaya inabot ng pitong taon sa kakatrabaho, kakasuporta sa sarili, at kakaaral. Bago pa man ito magtapos, kinuha na niya sa team dahil wala namang mawawala sa kanya kung bibigyan lang ito ng mababang sahod dahil estudyante at dahil nagsisimula pa lang naman ang pagiging producer niya.

“You’ll receive proper separation pay, of course.”

Natigilan si Eglantine. Ngayon lang tumagos sa laman ang katotohanang sinisibak na nga siya ng lalaking ito.

“Marahil ay ibang genre ng musika ang bagay sa komposisyon mo,” ani Dante.

Nanliit siya, pero umayos pa rin. So, ganito pala ang kalakaran nito.

“Ayoko namang maramdaman mong tinanggap kita bilang composer dahil sa utang na loob ko sa iyo, kundi dahil sa husay ng mga trabaho mo. Pero uulitin ko, noon iyon.”

Kumibit-balikat siya. Buhay na buhay sa kanyang alaala ang tuwang-tuwang si Dante dahil

sa tagumpay na nakamit nito sa produksiyon ng *A Well-Mannered Chihuahua*, ang nadatnan niyang proyekto na iniensayo noon ng bagong production. Dahil nga bago, ang temporaryo at pabirong titulo ng produksiyon ay “Subok Lang”.

“Well then...” aniya na nagpakawala ng hangin. “Ito na marahil ang ating huling pagkikita, Sir.” Buti na lang at nakontrol pa niya ang panginginig ng kanyang labi. “Kukunin ko lang ang bundle ng scores na iniwan ko sa grand piano sa gilid ng entablado,” aniya sa matatag na boses.

“Ba’t nandoon ang trabaho mo?” nakakunot-noong tanong ng boss niya.

“A las seis ho ako ng umaga pumarito kasi alam kong tahimik pa ang gusali. Gusto kong marinig ang mga melodiya, sa konteksto ng stage at auditorium, kaya’t habang nagko-compose ho ako kanina ay sinubukan ko na ring tugtugin sa grand piano.”

Tumango ang kanyang boss. Ilang saglit na naging maamo ang mukha nito. Iyon ang ekspresyon na gustong-gusto niyang makita rito, sa tuwi-tuwina. Sana ay iyon ang ekspresyon nito sa mukha parati.

“At Dante, Sir, payagan mo na rin akong magpaalam sa stage at sa buong auditorium,” aniya.

Tulad ni Dante, itinuturing niyang halos sagrado

ang entablado ng teatro. Ganoon niya kamahal ang kanyang propesyon. Ngayong kalmado na si Eglantine, natuwa siya sa narinig mula sa sarili. She was handling this like a grown-up, mature woman.

“Sure,” sabi ni Dante. Bumuntong-hininga siya’t humakbang kasunod ng dalagang lumabas sa opisina niya, patawid sa backstage.

Napalunok siya nang marating ang madilim na likod ng entablado. Sari-saring banayad na amoy ang nalanghap niya. Nangibabaw sa lahat ng iyon ang cologne ni Eglantine. Parang preskong simoy iyon sa madilim at walang hanging backstage. Gusto niyang abutan ang dalaga. Akbayan at sabihan ng, “everything’s going to be alright”, ipaliwanag na lahat ng ginagawa niyang panlalait at pagpapaalis dito ay bahagi lamang ng plano niya para protektahan ito sa halimaw na gustong lumamon sa kumpanya niya. Na masamang panaginip lamang ang lahat ng ito. At kapag nakakuha siya ng ebidensiya laban sa halimaw...

Kamuntik na siyang bumangga sa likod ni Eglantine nang bigla itong huminto sa paglalakad. Nagmistula itong estatwang nakatayo sa likod ng makakapal na kurtina ng entablado. Narinig niya ang mahinang hikbi nito.

Marahan sana niyang ipapatong ang kamay sa balikat ng dalaga, pero pinigilan ni Dante ang sarili. Baka magkaroon ng maling interpretasyon

ang dalaga. Baka... hindi lang kasi pagpapatong ng kamay sa balikat ang gawin niya sa babae. Baka hindi siya makapagpigil.

Inisip niya si Mia at ang paghangad niyang makabuo ng relasyon na mayroong respeto at katapatan at pag-ibig. Kakausapin na lang niya nang masinsinan si Eglantine.

Sinundan ni Dante ang dalaga hanggang sa lumusot ito sa mabigat na tabing. Nagmistulang anino ito sa kanya. Ghost light lamang ang tanging liwanag sa entablado at tahimik na tahimik ang kapaligiran. Maliban sa narinig niyang halinghing.

Umikot ang mata niya. Ang mga taga-teatro nga naman, oo. Tuloy, naging reputasyon na ng performing artists ang pagiging ‘mahilig’, ang pagiging bigo sa pag-ibig, ang pagiging taksil sa sumpa. Sinabi na naman niya sa tropa na bawal ang public display of affection at kung ano pang display of affection ng laman, habang nasa teatro. It’s one of his rules. Maging siya at si Mia ay sinusunod iyon.

Pinakinggan niya ang mga tinig ng babae’t lalaking nasa kainitan ng kalokohan. Hayun, nasa gitna mismo ng entablado ang mga ito. Marahil, sa malaking upuang nagsisilbing trono na ginagamit tuwing rehearsal.

Pakiramdam niya, binababoy ng mga ito ang entablado ng teatro na pinaghirapan niyang buuin.

Tumiim ang bagang ni Dante. Madiin. Uminit ang mukha niya.

“Oooh...” huni ng babae.

Sa gilid ng kanyang mga mata, namataan niyang napahinto din si Eglantine sa pangongolekta ng mga music sheets na nakapatong sa grand piano. Inilapit niya ang hintuturo sa bibig nito para sabihing huwag gumawa ng ingay.

Maingat siyang sumugod sa mga hitad. Tumikhim siya. Dinampot ng binata ang ghost light at inilapit iyon sa gitna ng entablado at nang mailantad ang kahibangan ng magkapareha.

Nakaupo nga ang artistang babae sa trono. Ang mga paa nito ay nakakawing na magkahiwalay sa kaliwa’t kanang armrest ng upuang trono. Kumakaway ang mga iyon gawa ng nararanasang kasiyahan ng laman. Ang sedang palda nito ay nakataas. Ang ulo naman ng lalaki ay abala sa kung anong ginagawa nito sa pagitan ng mga hita ng babae.

Mas inilapit pa ni Dante ang banayad na ilaw para maaninag kung sino ang mga bumababoy sa entablado.

“Ay!” anang babae sa matinis na tinig. Si Mia iyon.

“Oh, shit!” si Congressman Maldova iyon.

Chapter Three



Ano pa? Ano pa ang sorpresang naghihintay sa kanya? Mabigat man ang mga hakbang, minabuti niyang maglakad palayo nang palayo sa gusaling pinagtatrabahuan, na para bang puno iyon ng utot-hangin at ilang segundo na lang ay sasabog na.

“Put yourself together, Eglantine,” bulong niya sa sarili. Nanginginig pa rin ang mga tuhod niya gawa ng mga sunod-sunod na pangyayari.

Tahimik siyang naglakad. Nilampasan niya ang clown na namimigay ng flyer. Hinulugan niya ng ilang barya ang mamang bulag na nakabukas ang palad sa mga dumaraang may mabuting kalooban.

Sa kalagayan niya ngayon, dapat nga ay nagpapasalamat pa siya. Buo ang kanyang katawan at matalas pa rin ang kanyang isipan. Pero isinantabi ni Eglantine ang ideyang iyon. Mas nahabag siya kay Dante gawa ng nasaksihan nilang di-kanais-nais na sorpresa sa entablado ng teatro. Ewan at naluha siya. Hindi niya iyon napigilan. Naglakad siyang nakatungo ang ulo para maiwasang umusyoso.

Nang mapadaan siya sa parke, naupo siya sa bakanteng bangko at pinagmasdan ang

hardinerong nanggugupit ng mga tuyong sanga; ang mga kabataang nag-eensayo ng sayaw; ang sanggol na pumapalahaw ng iyak habang kalong-kalong ng ina. Patuloy pa rin ang pag-inog ng mundo; kanya lang ang tumigil.

Himikbi siya. Pinigil niya ang ibang hikbing kasunod niyon. Dahil sa nasilip niyang nakakasukang eksenang gawa ng nobya nito, hindi na siya magtataakang naawa siya kay Dante kaysa sa sarili niya. But then again, what an ass he could be. Kaya mabuti na rin.

Pumasok siya sa isang convenience store at wala sa sariling bumili ng isang malaking corn chips, cheese dip, ice-cream, beer-in-can; bago tinawagan ang paboritong pizza delivery at umorder ng family-size, thin-crust Mexican. Bahala na kung maghalo-halo ang mga pagkain sa sikmura niya. Ang importante, mailabas ni Eglantine ang stress niya sa pamamagitan ng pagkain. Atsaka, iimbitahin niya si Mikki para may magalit sa kanya saka-sakaling mawalan siya ng kontrol sa pagkain.



“What an asshole,” sabi nga ni Mikki, ang kaibigan niya’t kapitbahay sa *Heloise’s Place*.

Naikuwento niya rito ang nangyari sa studio-theater kaninang umaga, iyong nagkasagutan sila ng boss niya. Pero hindi niya maikuwento-kuwento ang detalye ng nahuli sa aktong pagtataksil na

ginawa ng nobya nito. Masyadong personal iyon. Nakakahiya. Malaking eskandalo na nga ang nagaganap, lalo't nagsisisigaw kanina si Dante sa galit at nagsipagdalo naman sa eksena ang mga taga-teatro.

Alam niya, mata-tabloid ang mga detalye ng iskandalo, kaya't malalaman din ni Mikki ang mga iyon.

Pagkatapos niyang mailahad ang lahat ng maaari niyang ilahad, tumingin na si Eglantine sa malayo at sunod-sunod na subo ang ginawa niya sa corn chips na sinasawsaw sa cheese dip. Lasang karton iyon. Matabang.

“Pero, kung ako ang nobya niya, hinding-hindi ko siya pagtataksilan,” aniya.

“Naku, ha, may feelings ka pa ba sa kanya? Move on, lady. Kahit hindi kayo naging kayo, he gave you the boot, remember?” sabi ni Mikki. “Kung hindi mo siya bibitawan, paano mo maibabangon ang sarili mo? Aba’y hinuhulugan mo itong condominium unit mo.”

Napatigil siya sa pagnguya. Paano niya ngayon huhulugan ang unit na ito? Hindi sapat ang freelance work niya, lalo pa't musical composition iyon. Bibihira ang bumibili ng ganito sa freelance market.

Pagkatapos nitong eating binge, kailangan na niyang kitain ang pisong pambili ng hopia.

Well, not yet. Mayroon pa siyang three hundred thousand pesos at munting bahay-bakasyon sa Zambales. Ang sarap doon magtrabaho. Ilang compositions na ang nabuo niya habang nakatira doon at nagtatago sa kaliwa't kanang imbitasyon sa binyag, kumpirmasyon, kasal, at healing sessions ng mga matronang sosyal na parokyano ng teatro.

Napatigil siya sa pagkurap at tumitig sa blangkong dingding. Kung hindi nagkakamali si Eglantine, lahat ng compositions na isinulat niya habang pumipirmi sa munti niyang bahay doon ay naging matagumpay. Marahil ay masuwerte ang bahay na iyon, palibhasa dagat ang nasa harapan.

Zing! Doon umilaw ang stage light niya sa ulo. Bakit hindi? Lilipat siya sa maliit niyang bahay-bakasyon. Pero paano ang unit na ito? Isusuko na ba niya dahil hindi na niya kayang bayaran? Sayang naman ang kalahating milyong nagastos na niya para dito.

“Pahingi nga niyan,” sabi niya at halos inagaw ang malaking mangkok ng popcorn na hawak-hawak ni Mikki.

“Oink-oink,” sabi ng kaibigan nang makitang sunod-sunod siyang sumubo ng popcorn; nagkakandahulog pa ang iba mula sa pumpon ng isinusubo, pabalik sa kahoy na mangkok na kalong-kalong niya.

“Stop it. Nag-iisip ako,” aniya na hindi

kumukurap at patuloy na sumubo ng popcorn.

“Nag-iisip ng ano?”

“Kung paano ko mahuhulugan ang unit na ‘to,” ani Eglantine at iginalala ang paningin na para bang ngayon lang niya napagmasdan ang detalye ng unit. “Ayokong mawala ito. Atsaka, sayang ang kalahating milyong nailabas ko na para dito.”

Dalawa ang kuwarto ng unit. Isa sa baba at isa sa taas, sa loft. Love at first sight ang nangyari sa kanya at sa unit.

Nang magtagumpay ang isang production nila sa Europa, agad siyang nagpaluwal ng salapi para sa downpayment at para na rin sa interior design. Kahit lahat ng furniture niya’y recycled at upcycled, inabot pa rin ng kalahating milyon ang lahat. Hindi niya akalaing ang mababang mesa sa salas niya ay aabot ng labindalawang libong piso. Haligi iyon ng isang nasunog na simbahan, iyong malapit sa altar. Hindi tinapyas ng karpintero ang mga nasunog na bahagi ng haligi. Imbis, isinama ito sa kabuuan ng bagong porma. Naging kakaiba tuloy ang kinalabasan. Nabigyan nito ng dimensiyon ang kulay at tekstura ng nasabing muwebles.

“Good thinking,” sabi ni Mikki. Iiginalala din nito ang paningin at tiningnan ang mga detalyeng dinagdag niya. “I’d want to live here, if I don’t have a unit of my own. Gusto ko ang taste mo sa interior design. Lumalabas na kontemporaryo ang bahay,

pero may elementong makaluma, antigo. Isa pa, gusto ko dahil rustic ang ambience. Kulang na lang puno at bulaklak ng kakawate sa labas ng bintana, para maging pastoral scene sa mga ipininta ni Amorsolo.”

Tiningnan lang niya ang kaibigan na nagmumuwestra at nagmo-monologue.

